# *Magtiwala sa Pagliligtas ng Diyos sa Panahon ng mga Pagsubok*
# *Ang Mensahe mula sa Awit 57 - Mabunyi ka, Oh Dios*

***"1 Maawa ka sa akin, Oh Dios, maawa ka sa akin; sapagka't ang aking kaluluwa ay nanganganlong sa iyo. Oo, sa lilim ng iyong mga pakpak ay manganganlong ako, hanggang sa makaraan ang mga kasakunaang ito.2 Ako'y dadaing sa Dios na Kataastaasan; sa Dios na nagsagawa ng lahat na mga bagay sa akin.3 Siya'y magsusugo mula sa langit, at ililigtas ako, pagka yaong lulunok sa akin ay dumuduwahagi; (Selah) susuguin ng Dios ang kaniyang kagandahang-loob at ang kaniyang katotohanan.4 Ang aking kaluluwa ay nasa gitna ng mga leon: ako'y nahihiga sa gitna niyaong mga pinaningasan ng apoy, sa mga anak ng tao, na ang mga ngipin ay sibat at mga pana, at ang kanilang dila ay matalas na tabak.5 Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa.6 Kanilang hinandaan ng silo ang aking mga hakbang. Ang aking kaluluwa ay nakayuko: sila'y nagsihukay ng isang lungaw sa harap ko. Sila'y nangahulog sa gitna niyaon. (Selah)7 Ang aking puso ay matatag, Oh Dios, ang aking puso ay matatag: ako'y aawit, oo, ako'y aawit ng mga pagpuri.8 Gumising ka, kaluwalhatian ko; gumising ka, salterio at alpa: ako'y gigising na maaga.9 Ako'y magpapasalamat sa iyo, Oh Panginoon, sa gitna ng mga bayan: ako'y aawit sa iyo ng mga pagpuri sa gitna ng mga bansa.10 Sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay dakila hanggang sa mga langit, at ang iyong katotohanan hanggang sa mga alapaap,11 Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa." (Awit 57:1-11)***

Isinulat ni David ang awit sa pangyayari nang siya ay natuntun at nasundan ni Haring Saul na sinusubukang patayin siya. Siya ay nasa ilang ng engaddi, nang siya at ng kanyang mga hukbo ay pumasok sa yungib at natuklasan na si Saul ay pumapasok kasama ng kanyang mga tauhan. Mababasa natin ang pagsasalaysay ng kwentong ito sa ***1 Samuel 24:1-7, "1 At nangyari, nang si Saul ay bumalik na mula sa paghabol sa mga Filisteo, na nasaysay sa kaniya, na sinasabi, Narito, si David ay nasa ilang ng En-gaddi.2 Nang magkagayo'y kumuha si Saul ng tatlong libong piling lalake sa buong Israel, at yumaong inusig si David at ang kaniyang mga lalake sa mga bundok ng maiilap na kambing.3 At siya'y naparoon sa mga kulungan ng kawan sa daan, na kinaroroonan ng isang yungib; at pumasok si Saul upang takpan ang kaniyang mga paa. Si David nga at ang kaniyang mga tao ay tumatahan sa pinakaloob na bahagi ng yungib.4 At sinabi ng mga tao ni David sa kaniya, Narito, ang araw na sinabi ng Panginoon sa iyo, Narito, aking ibibigay ang iyong kaaway sa iyong kamay, at iyong gagawin sa kaniya kung ano ang mabutihin mo. Nang magkagayo'y tumindig si David at pinutol na lihim ang laylayan ng balabal ni Saul.5 At nangyari pagkatapos, na nagdamdam ang puso ni David, sapagka't kaniyang pinutol ang laylayan ng balabal ni Saul.6 At kaniyang sinabi sa kaniyang mga lalake, Huwag itulot ng Panginoon na ako'y gumawa ng ganitong bagay sa aking panginoon, na pinahiran ng langis ng Panginoon, na aking iunat ang aking kamay laban sa kaniya, yamang siya ang pinahiran ng langis ng Panginoon.7 Sa gayo'y pinigilan ni David ang kaniyang mga tao ng mga salitang ito, at hindi niya sila binayaang bumangon laban kay Saul. At tumindig si Saul sa yungib at nagpatuloy ng kaniyang lakad." (1 Samuel 24:1-7)***

Si David ay kasama ng kanyang mga tao anim na raan, nang sila'y pumasok sa yungib upang magtago mula kay Haring Saul na hinahabol sila kasama ng tatlong daang piniling mga lalaki upang hanapin ang buhay ni David. ***"13 Nang magkagayo'y si David at ang kaniyang mga tao na anim na raan, ay tumindig at umalis sa Keila, at naparoon kung saan sila makakaparoon. At nasaysay kay Saul na si David ay tumanan sa Keila, at siya'y tumigil ng paglabas.14 At si David ay tumahan sa ilang sa mga katibayan, at nanira sa lupaing maburol sa ilang ng Ziph. At pinag-uusig siya ni Saul araw-araw, nguni't hindi siya ibinigay ng Dios sa kaniyang kamay.15 At nakita ni David na lumalabas si Saul upang usigin ang kaniyang buhay: at si David ay nasa ilang ng Ziph sa gubat." (1 Samuel 23:13-15) "19 Nang magkagayo'y inahon ng mga Zipheo si Saul, sa Gabaa, na sinasabi, Hindi ba nagkukubli sa amin si David sa mga katibayan sa gubat, sa burol ng Hachila, na nasa timugan ng ilang?20 Ngayon nga, Oh hari, lumusong ka, ayon sa buong adhika ng iyong kalooban na lumusong; at ang aming bahagi ay ibibigay sa kamay ng hari.21 At sinabi ni Saul, Pagpalain nawa kayo ng Panginoon; sapagka't kayo'y nahahabag sa akin.22 Kayo'y yumaon, isinasamo ko sa inyo, inyong turuling maigi, at alamin at tingnan ang kaniyang kinaroroonan, at kung sino ang nakakita sa kaniya roon: sapagka't nasaysay sa akin na siya'y nagpapakatalino.23 Inyo ngang tingnan, at alamin ang mga kublihang dako na kaniyang pinagtataguan, at bumalik kayo sa akin na may katunayan, at ako'y paroroong kasama ninyo: at mangyayari, kung siya'y nasa lupain, ay aking sisiyasatin siya sa gitna ng lahat ng mga libolibo sa Juda.24 At sila'y tumindig at naparoon sa Ziph na nagpauna kay Saul: nguni't si David at ang kaniyang mga tao ay nasa ilang ng Maon sa Araba sa timugan ng ilang.25 At si Saul at ang kaniyang mga tao ay naparoon upang pag-usigin siya. At kanilang sinaysay kay David: kaya't siya'y lumusong sa burol na bato at tumahan sa ilang ng Maon. At nang mabalitaan ni Saul, kaniyang hinabol si David sa ilang ng Maon.26 At naparoon si Saul sa dakong ito ng bundok, at si David at ang kaniyang mga tao ay sa dakong yaon ng bundok: at si David ay nagmadaling umalis dahil sa takot kay Saul; sapagka't kinukubkob ni Saul at ng kaniyang mga tao si David at ang kaniyang mga tao upang sila'y hulihin.27 Nguni't dumating ang isang sugo kay Saul, na nagsasabi, Magmadali ka at parito ka; sapagka't ang mga Filisteo ay sumalakay sa***

***lupain.28 Sa gayo'y bumalik si Saul na mula sa paghabol kay David, at naparoon laban sa mga Filisteo: kaya't kanilang tinawag ang dakong yaon na Sela-hammahlecoth.29 At si David ay umahon mula roon, at tumahan sa mga katibayan ng En-gaddi." (1 Samuel 23:19-29)***

Si David mula sa ating binasa ay dumadaan sa kaguluhan ng mga pagsubok at tiyak ang kanyang isipan at saloobin ay puno ng mabigat na mga saloobin, at maaring magtanong kung bakit siya dumadaan sa lahat ng iyon at bakit pinahintulutan ng Diyos si Haring Saul na patuloy na habulin siya. Iyon ba ay dahil sa kasalanan? Iyon ba ay dahil sa pagsubok sa kanyang pananampalataya? Iyon ba ay bunga ng pagkakamali o kasalanan na kanyang nagawa? Ang buhay sa parehong paraan ay maaring maglagay ng kabigatan sa atin at sinusubukan tayo sa magkabilang panig o sulok. Kaya huwag dapat nating kuning negatibo ang mga bagay at simulang mag-isip na ang Diyos ay laban sa atin. Huwag hayaang ang pagsubok na pinagdaraanan mo ay maramdaman mo o maniwala na ang Diyos ay laban sa iyo o ang Diyos ay hindi sumasaiyo. Ipinahintulot ng Diyos na dumaan ka sa ganoong pagsubok para sa isang layunin at para sa isang panahon, at ang kailangan mo lang gawin ay tiisin ito at magtigaya dito.

***''1 Maawa ka sa akin, Oh Dios, maawa ka sa akin; sapagka't ang aking kaluluwa ay nanganganlong sa iyo. Oo, sa lilim ng iyong mga pakpak ay manganganlong ako, hanggang sa makaraan ang mga kasakunaang ito." (Awit 57:1)*** Si David ay nagtatago kasama ng kanyang anim na raan lalaki sa isang napakalaking yungib, at hindi nila inaasahan na si Saul ay darating sa parehong lugar na sila'y nagtatago. Tiyak na iyon ay napaka hindi inaasahan na insidente na dumaan sa buhay ni David at ng kanyang mga tao. Ang bukana ng malaking yungib na ito sa bundok ay mas maliit kaysa laki nito. Si David at ang kanyang tauhan ay nagtatago sa pinakadulo ng yungib sa madilim at ang kanilang mga paningin ay nakatutok patungo sa bukana ng yungib. Sa isang saglit nakita nila ang hukbo ng Israel, si Saul ang hari kasama ng tatlong daang lalaki parating sa bukana ng yungib. Parang nakikita nila ang katapusan ng kanilang buhay at nanonood ng panganib na darating sa kanila.

Sa ilang pagkakataon maaring nagtitiwala tayo sa ilang mga bagay sa ating buhay na maari nating gamitin upang magtago sa mga banta at panganib. Ang ilang mga tao o ang iyong sarili ay maaring magtiwala sa mga kaibigan, sa ilang makapangyarihang mga tao, salapi, mga talento, trabaho, kapangyarihan ng tao, o anumang makasiyantipikong pagsulong na iniisip nila o mo na ito'y magiging malaking tulong sa kanila sa pagharap sa mga banta at sa panganib. Ngunit sa katotohanan, ito ay maaring maging mahalaga, ngunit hindi nito mapapalitan ng kailangan nila ang Diyos sa kanilang buhay o sa iyong buhay.

Sa lugar na iniisip natin na tayo ay ligtas, sa parehong lugar, makikita natin ang mga lion sa palibot natin. Si David sy maaring nagtiwala na ang liblib na yungib na iyon ay isang mabuting pagtataguan para sa kanya mula sa kaaway, ngunit ito'y nagpatunay ngayon na walang proteksyon sa kanya. Ang panganib ay dumating sa kanya sa lugar na iniisip niya na ito ay ligtas. Kaya naman siya ay duaming sa Diyos upang maawa sa kanya, ***''1 Maawa ka sa akin, Oh Dios, maawa ka sa akin; sapagka't ang aking kaluluwa ay nanganganlong sa iyo. Oo, sa lilim ng iyong mga pakpak ay manganganlong ako, hanggang sa makaraan ang mga kasakunaang ito." (Awit 57:1)*** Dito si David ay iginiit ang kanyang kalagayan na siya ay nagtitiwala sa Panginoon at sa Kanyang kapangyarihan, at Siya ay manganganlong sa lilim ng kanyang mga pakpak. ***''1 Maawa ka sa akin, Oh Dios, maawa ka sa akin; sapagka't ang aking kaluluwa ay nanganganlong sa iyo. Oo, sa lilim ng iyong mga pakpak ay manganganlong ako, hanggang sa makaraan ang mga kasakunaang ito." (Awit 57:1)*** *Sa parehong paraan, ngayon ang mga pagsubok na ating pinagdaraanan ay dapat makatulong sa atin upang maunawaan na sa ating naitayo ang pinagtitiwalaan natin ay walang tulong. Ang pagtiwala sa Diyos at magtago sa lilim ng kanyang mga pakpak ay ang painakamagandang dako na maari tayong manatili at manahan.* ***"1 Siyang tumatahan sa lihim na dako ng Kataastaasan. Ay mananatili sa lilim ng Makapangyarihan sa lahat.2 Aking sasabihin tungkol sa Panginoon, siya'y aking kanlungan at aking katibayan, ang Dios ko na siyang aking tinitiwalaan." (Awit 91:1-2)***

Sa mga kalamidad na darating sa ating buhay, kailangan nating makatiyak na ang Diyos lamang ang makakapagligtas sa atin mula sa mga kaguluhan na dadaan sa ating buhay. Ang ating paghahanda para sa labanan ay mahalaga ngunit hindi mapapalitan ng kahalagahan ng pagtitiwala sa Diyos ng lubos sa ating buhay at kung anong Kanyang magagawa para sa atin.

***"2 Ako'y dadaing sa Dios na Kataastaasan; aa Dios na nagsagawa ng lahat na mga bagay sa akin." (Awit 57:2)*** Iniligtas ng Diyos si David mula sa kritikal na sitwasyon at iniligtas siya mula sa mga kamay ng manganib na kaaway nang si David ay dumaing sa Panginoon. Inilaan ng Diyos at ipinakita ang lahat ng mga bagay na kinakailangan para sa kanya upang pangasiwaan ang kanyang buhay sa napakalayunin ng Diyos. Sa mga kaguluhan kailangan nating matutunang dumaing sa Diyos at ililigtas Niya tayo mula sa ating mga kaaway.

Tingnan kung paanong ang kaaway ay dumating nang napakalapit kay David ng may malaking bilang ng mga tao, at sila'y hindi nagduda na si David at ang kanyang mga tauhan ay nagtatago sa lugar na iyon. Walang nakakalam kung anong ginawa ng Diyos kay Saul upang hikayatin siya na huwag pansinin ang posibilidad na si

David at ang kanyang mga tauhan ay nagtatago sa yungib. Dumating si Saul upang ipahinga ang kanyang sarili, at tinakpan ang kanyang paa, upang matulog sumandali, ngunit hindi niya natuklasan si David. ***"At siya'y naparoon sa mga kulungan ng kawan sa daan, na kinaroroonan ng isang yungib; at pumasok si Saul upang takpan ang kaniyang mga paa. Si David nga at ang kaniyang mga tao ay tumatahan sa pinakaloob na bahagi ng yungib." (1 Samuel 24:3)*** Si David pagkatapos ng gayong karanasan ay pinahalagahang higit ang presensya ng Diyos sa Kanyang buhay. Kaya siya'y nagpasiya na Siya ay dadaing at mananalangin sa Diyos ang Kataas-taasan, na nangingibabaw sa lahat ng mga pangyayari at kaganapan. *Matuto tayo na domaing sa Diyos, na siya lamang ang makakapagpaginhawa sa atin at magliligtas as atin mula sa ating mga kaaway.*

***"3 Siya'y magsusugo mula sa langit, at ililigtas ako, pagka yaong lulunok sa akin as dumuduwahagi; (Selah) susuguin ng Dios ang kaniyang kagandahang-loob at ang kaniyang katotohanan." (Awit 57:3)*** Tiyak na ang Diyos sa gayong kalagayan ang nagpadala ng tulong kay David at sa kanyang mga tauhan upang iligtas sila mula sa kamatayan. Nang si Saul at ang kanyang mga tauhan ay pumasok sa yungob, itinago ng Diyos si David at ang kanyang mga tauhan mula sa kanila, at ibinigay kay Saul at sa kanyang mga tauhan ang malalim na pagtulog upang si David at ang kanyang mga tuahan ay makatakas. Ang kahit sa ilang pagkakataon ay ipapadala ang Kanyang anghel para ipagtanggol ang Kanyang bayan, ***"13 Nguni't kanino sa mga anghel sinabi niya kailan man, Lumuklok ka sa aking kanan, Hanggang sa ang iyong mga kaaway ay gawin kong tungtungan ng iyong mga paa?14 Hindi baga silang lahat ay mga espiritung tagapaglingkod, na mga sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng mangagmamana ng kaligtasan?" (Hebreo 1:13-14)***

May magandang halimbawa tayo ng anghel na ipinadala ng Diyos upang iligats si Pedro at pinalaya siya mula sa kamatayan. ***"7 At narito, tumayo sa tabi niya ang isang anghel ng Panginoon, at lumiwanag ang isang ilaw sa silid na kulungan: at tinapik si Pedro sa tagiliran, at siya'y ginising, na sinasabi, Magbangon kang madali. At nangalaglag ang kaniyang mga tanikala sa kaniyang mga kamay.8 At sinabi sa kaniya ng anghel, Magbigkis ka, at itali mo ang iyong mga pangyapak. At gayon ang ginawa niya. At sinabi niya sa kaniya. Isuot mo sa iyo ang damit mo, at sumunod ka sa akin.9 At siya'y lumabas, at sumunod; at hindi niya nalalaman kung tunay ang ginawa ng anghel kundi ang isip niya'y nakakita siya ng isang pangitain.10 At nang kanilang maraanan na ang una at ang pangalawang bantay, ay nagsirating sila sa pintuang-bakal na patungo sa bayan; na kusang nabuksan sa kanila: at sila'y nagsilabas, at nangagpatuloy sa isang lansangan; at pagdaka'y humiwalay sa kaniya ang anghel.11 At nang si Pedro ay pagsaulian ng isip, ay kaniyang sinabi, Ngayo'y nalalaman kong sa katotohanan ay sinugo ng Panginoon ang kaniyang anghel at iniligtas ako sa kamay ni Herodes at sa buong pagasa ng bayan ng mga Judio." (Mga Gawa 12:7-11)***

***"Susuguin ng Dios ang kaniyang kagandahang-loob at ang kaniyang katotohanan." (Awit 57:3)*** Ang Diyos sa kalagayang iyon sa ***Awit 57:3,*** Hindi lamang ipinadala ang kanyang kagandang-loob at iniligtas si David, kundi ipinadala niya din ang katotohanan. Tinagubilinan Niya si David ng katotohanan ng Diyos at kung ano ang kailangang Niya gawin kay Saul na siya'y nakahiga at ibinigya sa kanyang kamay. Ang tauhan ni David ay pinagningas siya upang kitlin si Saul ngunit tumanggi si David at sinabi sa kanila ang dahilan, ***"4 At sinabi ng mga tao ni David sa kaniya, Narito, ang araw na sinabi ng Panginoon sa iyo, Narito, aking ibibigay ang iyong kaaway sa iyong kamay, at iyong gagawin sa kaniya kung ano ang mabutihin mo. Nang magkagayo'y tumindig si David at pinutol na lihim ang laylayan ng balabal ni Saul.5 At nangyari pagkatapos, na nagdamdam ang puso ni David, sapagka't kaniyang pinutol ang laylayan ng balabal ni Saul. 6 At kaniyang sinabi sa kaniyang mga lalake, Huwag itulot ng Panginoon na ako'y gumawa ng ganitong bagay sa aking panginoon, na pinahiran ng langis ng Panginoon, na aking iunat ang aking kamay laban sa kaniya, yamang siya ang pinahiran ng langis ng Panginoon. 7 Sa gayo'y pinigilan ni David ang kaniyang mga tao ng mga salitang ito, at hindi niya sila binayaang bumangon laban kay Saul. At tumindig si Saul sa yungib at nagpatuloy ng kaniyang lakad." (1 Samuel 24:4-7)*** *Kapag dumadaan tayo sa paghihirap, nais pa rin Diyos na mamuhay tayo ayon sa katotohanan. Hindi tayo dapat gumawa ng mga maling bagay upang maibsan ang ating mga sarili.*

*Huwag matuksong gumawa ng mali para lamang maibsan ang iyong sarili, sapagkat nais pa rin ng Diyos na sumunod ka ta tumalima sa mga tagubilin ng Kanyang Salita at iwasang gawin ang anumang masama habang ikaw at dumadaan sa mahirap na panahon at mga pagsubok.*

Ang dahilan na ipinadala ng Diyos ang malalim na pagtulog kay Saul at sa kanyang mga tauhan, sa gayo'y si David at ang kanyang mga tauhan, at magawang makaalis ng yungib at makatakas ng maayos nang hindi napapansin o susundan ni Saul at ng Kanyang mga tauhan. *May mga pagkakataon na binibigyan tayo ng Diyos ng mataas na kamay sa ating mga kaaway upang makatakas tayo sa kanilang mga pinsala at hindi dahil gusto Niya tayong maghiganti sa kanila o saktan sila.*

***"4 Ang aking kaluluwa ay nasa gitna ng mga leon: ako'y nahihiga sa gitna niyaong mga pinaningasan ng apoy, sa mga anak ng tao, na ang mga ngipin ay sibat at mga pana, at ang kanilang dila ay matalas na***

***tabak." (Awit 57:4)*** Si Saul at ang kanyang mga tauhan na pumasok sa yungib sa paghahanap kay David at sa kanyang mga tauhan, pinagitnaan si David ng mga leon, gaya ng pagpuksa sa kanyang buhay.

Kagaya ng Panginoong Jesus nang siya ay pumarito sa lupa ay pinagitnaan ng mga leon na nais sakmalin ang Kanyang buhay nang Siya ay inusig, nang Siya ay pinagbantaan at dinakip ng mga Judio, at siya ay inaresto at ipinako. ***"12 Niligid ako ng maraming toro; mga malakas na toro ng Basan ay kumulong sa akin.13 Sila'y magbubuka sa akin ng kanilang bibig, na gaya ng sumasakmal at umuungal na leon.21 ligtas mo ako sa bibig ng leon; Oo, mula sa mga sungay ng torong gubat ay sinagot mo ako." (Awit 22:12-13. 21)***

Ang ganoong masamang bagay na ginawa laban kay Jesus, mababasa rin natin sa ibang Kasulatan, ***"Sa oras na yaon ay sinabi ni Jesus sa mga karamihan, Kayo baga'y nangagsilabas na waring laban sa isang tulisan, na may mga tabak at mga panghampas upang dakpin ako? Araw-araw ay nauupo ako sa templo na nagtuturo, at hindi ninyo ako dinakip." (Mateo 26:55) "Nang magkagayo'y niluraan nila ang kaniyang mukha at siya'y kanilang pinagsusuntok: at tinatampal siya ng mga iba," (Mateo 26:67) "Nang magkagayo'y dinala si Jesus ng mga kawal ng gobernador sa Pretorio, at nagkatipon sa kaniya ang buong pulutong." (Mateo 27:27) "39 At siya'y nililibak ng nangagdaraan, na iginagalaw ang kanilang mga ulo,40 At nangagsasabi, Ikaw na igigiba mo ang templo, at sa tatlong araw ay iyong itatayo, iyong iligtas ang sarili mo: kung ikaw ay Anak ng Dios, ay bumaba ka sa krus.41 Gayon din naman ang paglibak sa kaniya ng mga pangulong saserdote, pati ng mga eskriba at ng matatanda, na nagsipagsabi," (Mateo 27:39-41)***

*Ang mga pagsubok sa buhay ay maaring maglagay sa gitna ng mga leon at galit na galit na mga tao, ngunit kailangan nating magtiwala as Diyos na magliligtas sa atin mula sa gayong mga panganib.* Ang diablo ay leong umuungal, ***"Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya:" (1 Pedro 5:8)*** Si Apostol Pedro ay nalagay din sa ganoong pagkakataon at iniligtas siya mula sa bibig ng leon. ***"Datapuwa't ang Panginoon ay sumaakin, at ako'y pinalakas; upang sa pamamagitan ko ang mabuting balita ay maitanyag ng ganap, at upang mapakinggan ng lahat ng mga Gentil: at ako'y iniligtas sa bibig ng leon." (2 Timoteo 4:17)***

*Ang mga pagsubok ay ipinapahintulot ng Diyos sa ating buhay, ngunit may gagawin Siya sa mga ito at papahintulutan tayong maligtas kahit sa bibig ng mga leon, upang makita natin ang kadakilaan ng Diyos at upang dakilain Siya, purihin Siya at luwalhatiin Siya.*

***"Ang aking kaluluwa ay nasa gitna ng mga leon: ako'y nahihiga sa gitna niyaong mga pinaningasan ng apoy, sa mga anak ng tao, na ang mga ngipin ay sibat at mga pana, at ang kanilang dila ay matalas na tabak." (Awit 57:4)*** Ipinapahayag ni David na siya ay nasa gitna ng mga taong pinagniningasan ng apoy ng impeirno dahil ang kanilang mga pagsalangsang sa pagsisinungaling, sinaraan si David kay Saul. Si David ay nabigyan ng pagkakataon upang tapusin ang buhay ni Saul ngunit hindi niya ito ginawa dahil pinagbawalan siya ng Diyos na gawin iyon. Pagkatapos umalis ni Saul sa yungib, sinundan siya ni David at hiniyawan siya, sa pakikinig niya sa iba na nagsasabi sa kanya ng kasinungalingan, na sasaktan siya ni David. ***"7 Sa gayo'y pinigilan ni David ang kaniyang mga tao ng mga salitang ito, at hindi niya sila binayaang bumangon laban kay Saul. At tumindig si Saul sa yungib at nagpatuloy ng kaniyang lakad.8 Si David naman ay tumindig pagkatapos, at lumabas sa yungib, at hiniyawan si Saul, na sinasabi, Panginoon ko na hari. At nang lumingon si Saul ay iniyukod ni David ang kaniyang mukha sa lupa, at nagbigay galang.9 At sinabi ni David kay Saul, Bakit ka nakikinig sa mga salita ng mga tao, na nagsasabi, Narito, pinagsisikapan kang saktan ni David?10 Narito, nakita ngayon ng iyong mga mata kung paanong ibinigay ka ngayon ng Panginoon sa aking kamay sa yungib: at sinabi sa akin ng iba na patayin kita: nguni't hindi kita inano; at aking sinabi, Hindi ko iuunat ang aking kamay laban sa aking panginoon; sapagka't siya ang pinahiran ng langis ng Panginoon. "(1 Samuel 24:7-10)***

***"5 Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa." (Awit 57:50*** Ang pagliligtas na ginawa ng Diyos kay David sa ganoong pagkakataon ay pinatunayan sa kanya, na ang Diyos ay mataas sa lahat, kaya't sinulat niya, "***Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa."*** Hindi lamang iniligtas ng Diyos si David mula sa kamay ng kanyang mga kaaway kundi inilagay si David mataas sa kanyang mga kaaway at nagawa nilang makita ng malinaw na si David ay mas mataas sa kanila at ang Diyos ay sumasa kanya at ibinigay kay David ang mataas na kamay sa itaas nila.

Tunay na ang Diyos ay mataas sa lahat at ang kaluwalhatian at ang kapangyarihan ng Diyos ay mataas sa lahat ng karunungan gaya ng ating masasaksihan kung paanong iniligtas ng Diyos tayo mula sa lahat ng ating mga kaguluhan at ng ating mga kaaway. Kaya, habang ang Panginoon ay inililigtas tayo mula sa mga kaguluhan, pagsubok, at sa ating mga kaaway, ating ipagbunyi ang Kanyang pangalan sa mataas sa lahat ng mga bagay gaya ng ginawa ni David, ***"5 Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa."***

***"6 Kanilang hinandaan ng silo ang aking mga hakbang. Ang aking kaluluwa ay nakayuko: sila'y nagsihukay ng isang lungaw sa harap ko. Sila'y nangahulog sa gitna niyaon. (Selah)" (Awit 57:6)*** Naranasan ni David kung paanong inilalagay ang lambat upang bitagin ang kanyang mga lakad. Naghukay sila ng hukay para sa kanya. Napayuko ang kanyang kaluluwa dahil sa tindi na ipinapatong sa kanya. Ngunit ginawang possible ng Diyos na sa mga gumagawa ng ganoong mga bagay sa kanya, ang kanilang sarili ang mahuhulog sa bitag at sa parehong silo na inihanda nila para kay David. ***"15 Siya'y gumawa ng balon, at hinukay, at nahulog sa hukay na kaniyang ginawa.16 Ang kaniyang gawang masama ay magbabalik sa kaniyang sariling ulo, at ang kaniyang pangdadahas ay babagsak sa kaniyang sariling bunbunan." (Awit 7:15-16) "Ang mga bansa ay nangahulog sa balon na kanilang ginawa: sa silo na kanilang ikinubli ay kanilang sariling paa ang nahuli." (Awit 9:15)*** Ginawa nila ang pareho sa ating Panginoong JesuCristo, ngunit iniligtas Siya ng Diyos mula sa lahat ng mga silo at bitag. *Habang tayo'y nanalangin at nagtitiwala sa Diyos sa gayon ang Diyos ay kikilos para sa ating ngalan ng mga kamangha-manghang bagay, at ang mga kaaway na nagpapahirap sa atin ay makikita natin silang nahulog sa silo na inihanda nila para sa atin.*

***"7 Ang aking puso ay matatag, Oh Dios, ang aking puso ay matatag: ako'y aawit, oo, ako'y aawit ng mga pagpuri." (Awit 57:7)*** Si David ay nagtapos, panatag at pinanindigang pananampalataya pagkatapos ng dakilang bagay na ginawa sa kanya ng Diyos sa pakikiharap sa kanyang mga kaaway. Sa gayong paraan, itatag din natin ang ating mga puso at ating sabihin ito at isabuhay ito, ang aking puso ay matatag: at dahil dito tayo ay aawit at magpupuri sa ating Diyos.

***"8 Gumising ka, kaluwalhatian ko; gumising ka, salterio at alpa: ako'y gigising na maaga." (Awit 57:8)*** Ang kaluluwa ni Haring David ay nanumbalik at muling nabuhay at siya ay nasa mataas na espiritu patungo sa Diyos at ginawa ang paksa ng kanyang buhay sa kagalakan at papuri. Tinatawag ni David ang kanyang kaluluwa upang gumising at magbigay kaluwalhatian sa Diyos, na nagligtas sa kanyang buhay sa isang kamangha-manghang paraan. Galak na galak si David kaya tinawag niya ang salterio upang gumising at magbigay papuri sa Diyos.

***"9 Ako'y magpapasalamat sa iyo, Oh Panginoon, sa gitna ng mga bayan: ako'y aawit sa iyo ng mga pagpuri sa gitna ng mga bansa." (Awit 57:9)*** Sa nasaksihan ni David at kung paano siya iniligtas sa kamangha-manghang paraan, nagawa niyang makita ang Diyos at ang Kanyang awa at katotohanan mataas sa lahat, "***10 Sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay dakila hanggang sa mga langit, at ang iyong katotohanan hanggang sa mga alapaap," (Awit 57:10)*** Sa ganoong patotoo sinabi ni David at itinalaga ang kanyang sarili upang papurihan ang Diyos sa gitna ng mga bansa.

Si Apostol Pablo sa pagtugon sa mga pagsubok na kanyang pinagdaan at kung paanong iniligtas siya mula sa kanyang mga kaaway, Sinipi niya mula sa ***Awit 57 bersekulo 9 at 10*** at ipinangako ang kanyang sarili upang sabihin sa mga bansa tungkol sa Panginoon, ***"At upang ang mga Gentil ay makaluwalhati sa Dios dahil sa kaniyang kahabagan; gaya ng nasusulat, Kaya nga't ikaw ay aking pupurihin sa gitna ng mga Gentil. At aawit ako sa iyong pangalan." (Roma 15:9)***

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Si Haring Saul at ang tatlong daang lalaking kasama niya sila'y dumating upang hanapin si David at upang hulihin siya. Sila'y pumunta sa lugar na siya'y nagtatago. Sila'y dumating nalalaman na ang yungib ay isa sa posibleng lugar na si David ay nagtatago doon. Ang tanong ay, paanong si Saul at ang kanyang mga lalaki ay nagbago ang kanilang isip at hindi nagduda na si David ay wala sa yungib? Ang Diyos lamang ang nakakaalam. Ito ay ang Diyos na nagpabago ng kanilang mga saloobin at kaisipan at iniligtas si David mula sa kanilang mga banta. Napagtanto ni David na ang Diyos ang gumawa ng malaking himala sa lugar na iyon, pinahintulutan niya maging si Saul na magtiwala sa lugar at ginamit ito upang humimlay sa pagtulog. Inilagay pa nga ng Diyos ang buhay ni Saul sa mga kamay ni David. Samakatuwid pagkatapos ng paglisan, nakita ni David na ang Diyos ay kasama niya sa lahat ng kanyang mga pagsubok at ang Diyos ay higit sa lahat; na pinagmamasdan ng mabuti ang lahat ng detalye ng mga kalagayang pinagdadaanan ni David, higit sa lahat ay binabantayan ang kanyang buhay. Kaya't umawi't si Haring David, ***"Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa." (Awit 57:11)***

***Sa gayon,***

- Maging inspirasyon sa atin ang ginawa ng Diyos kay David upang iligtas ang kanyang buhay.
- Tayo ay magtiwala sa Diyos para sa ating buhay at layunin, habang tayo'y nagpapatuloy na maglingkod sa Kanya at gawin ang Kanyang kalooban.
- Tayo ay magtiwala sa Diyos na Siya ay nandyn kasama natin sa gitna ng pinakamahirap na pagsubok sa ating buhay.
- Tayo ay magtiwala sa Diyos na hindi Niya papahintulutan na ang ating mga kaaway ay manaig.
- Tayo ay magtiwala sa Diyos na itatago Niya tayo at poprotektahan tayo mula sa ating mga kaaway.

- Tayo ay magtiwala sa Diyos na ibibigay sa atin ang mataas na kamay at ilalagay tayo kahit sa ibabaw ng ating mga kaaway.
- Tayo ay magtiwala sa Diyos na papatnubayan tayo at papagpatuluyin tayo upang kamitin ang lahat nang ipinagkatiwala sa atin na gawin hanggang Siya ay dumating at kunin tayo papunta sa langit kasama Niya.
- Patuloy tayong magpuri sa Diyos at ipagbunyi Siya gaya ng nakakatiyak tayo sa malalaking bagay na ginagawa niya para sa atin.
- Patuloy natin gawin ang tama at umiwas sa masama magtitiwala na ang Diyos ang haharap ng maayos sa ating mga kaaway.
- Patuloy tayong mag-ebanghelyo at ipangaral ang Kanyang Salita at abutin ang bagong mga tao at patotohanan sa kanila ang tungkol sa Diyos na maliligtas sa kanilang buhay habang kanilang inilalagay ang kanilang pagtitiwala sa Kanya.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa pagkamatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay.*

*Ating ipagtapat sa Panginoon ang ating mga kasalanan at pagkukulang.*

*Ating hilingin sa Diyos ang kapatawaran para sa ating kawalan ng tiwala sa Diyos, para ating mga pagdududa, para sa ating kawalan ng pananampalataya, at paggawa ng ating pansarili habang tayo ay nasa mga pagsubok.*
*Panginoon salamat para sa pagliligtas mo sa akin mula sa lahat ng mga pagsubok at sa lahat ng mga kaaway nan ais lipulin ang aking buhay at ang iyong plano para sa akin.*
*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na yumaon at maglingkod sa iyo at gawin ang gawain na naunang inihanda mo para sa akin upang gawin. Panginoon ako'y nagtitiwala sa iyo na binabantayan mong mabuti ang mga pangyayari sa aking buhay, at ililigtas mo ako gaya ng pagligtas mo kay David mula sa mabangis na tao sa gitna ng kanyang mga kaaway. Dakila ang Panginoon sa lahat ng mga bansa at aawit ako at ipahahayag ang iyong pangalan sa mga Gentil.* ***Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa.***

*Panginoon ako'y nanalangin na bigyan mo ako ng higit na bunga ng Banal na Espiritu na magkaroon ng pagibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahunan, kagandahang-loob at pagtitiis. Panginoon tulungan mo akong maging isang mabuting halimbawa sa iba upang sundan sa kanilang buhay at gabayan mo ako upang dalhin ang iba sa iyong Kaharian.*

*Panginoon kami'y nagpapasalamat sa iyo sa pagpapatibay at nakakatiyak na Salita na aming natanggap mula sa iyo. Panginoon dagdagan mo ang pananampalataya ng aking mga Kapatid na itinalaga ng kanilang buhay upang sundin ang iyong mga landas at ang iyong mga utos sa kanilang buhay. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu upang magpatuloy sa direksyon na iyong ipinadala sa kanila upang matupad ang iyong plano sa kanilang buhay at upang maabot ang iba ng Ebanghelyo ni JesuCristo na ating Panginoon.*

*Panginoon bigyang-daan kami bilang isang simbahan na manindigan laban sa lahat ng mga pagsubok at ng mga kaaway at ng mga tao na sinusubukang gamitin ng Diablo laban sa amin. Panginoon tulungan kami na abutin ang bagong mga lugar at bagong mga tao ng Mabuting Balita ni Jesus. Panginoon tulungan kaming magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan. Panginoon kami'y dumadaing sa iyo na manguna sa amin at labanan ang aming pakikibaka. Panginoon wala kaming iba kundi ikaw. Panginoon harapin ang mga haharang at hahadlang sa amin bilang isang simbahan na magpatuloy at gawin ang gawain mo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com